# Sama-samang Pagtuklas ng Paggamot

Impormasyon tungkol sa klinikal na pananaliksik para sa mga tao sa Asyanong komunidad.



CISCRP
Center for Information & Study on Clinical Research Participation

## Bakit mahalaga ang mga klinikal na pagsubok?

Ang mga klinikal na pagsubok ay ang pinakamahusay na paraan para pag-aralan ang mga paggamot o bakuna upang malaman kung epektibo ang mga ito at kung gaano kaligtas ang mga ito. Kung ipinakita ng mga klinikal na mga pagsubok na ang isang bagong paggamot ay epektibo at ligtas, maaaring aprubahan ito upang magamit ng mga taong nangangailangan nito.

> Sariling pasiya mo ang paglahok sa klinikal na pagsubok. Para makagawa ka ng pinakamainam na desisyon, mahalaga na lubusan mong naiintindihan ang mga panganib, pakinabang, at kung paano makakaapekto ang pagsubok sa iyong araw-araw na pamumuhay.

Mayroon ding iba pang mga uri ng klinikal na pananaliksik, gaya ng mga pagsubok sa mga paggamot na naaprubahan na.

## Bakit dapat magkaroon ng iba't-ibang mga kalahok sa mga klinikal na pagsubok?

Maaaring magkakaiba ang epekto ng mga paggamot o bakuna sa mga tao batay sa kanilang edad, kasarian, lahi, o etnisidad. Mahalaga na kalahok sa mga klinikal na pagsubok ang mga tao mula sa iba't-ibang mga Asyanong komunidad upang malaman namin kung paano gumagana ang bagong mga paggamot at kung ligtas ba ang mga ito para sa mga taong mula sa komunidad na ito.



**Ang mga tao sa Asyanong komunidad** ay nagsasalita ng daan-daang wika at mula sa humigit-kumulang 50 bansa sa Silangang Asya, Timog Asya, Timog-Kanlurang Asya, at Timog-silangang Asya, gayundin ang mga tao mula sa Hawaii at iba pang mga Isla sa Pasipiko. Dahil sa pagkakaiba-ibang ito, maaaring hindi naaangkop sa iyo ang ilan sa nilalaman ng brochure na ito.



## Bakit hindi kinakatawan sa mga klinikal na pagsubok ang mga tao mula sa Asyanong komunidad?

### Mga hadlang sa wika

May karapatan kang makipag-usap sa tauhan ng klinikal na pagsubok sa wikang gusto mo. Maaari kang humingi ng interpreter o humiling ng mga dokumento sa wikang pinili mo. Maari ding magsama ng mga miyembro ng pamilya.

### Mga ikinababahala sa kultura

Umiiwas ang ilang tao sa mga klinikal na pagsubok dahil sa mga paniniwala sa kultura o pagkatakot sa mga negatibong reaksyon mula sa kanilang komunidad. Bagama't dapat mong ipakipag-usap ang iyong kalusugan sa iyong pamilya at mga taong pinagkakatiwalaan mo, mahalagang gumawa ng desisyon na pinakamainam para sa iyo.

### Kawalan ng tiwala sa klinikal na pananaliksik at pangangalagang pangkalusugan

Hindi nagtitiwala ang ilang tao sa mga doktor, mananaliksik, o sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan, minsan dahil sa diskriminasyon. Ikinababahala ng iba na hindi makikinabang ang komunidad sa pananaliksik, o magbibigay ito ng maling impormasyon tungkol sa komunidad.

Ang mga pagbabago sa batas at tagubilin ang umakay sa mga mananaliksik na gumawang kasama ng mga komunidad at matugunan ang mga dahilan ng kawalan ng tiwala. Halimbawa, ginagawa ng ilang mananaliksik na mas madaling ma-access at maunawaan ng mga kalahok at publiko ang mga resulta ng pagsubok.



## Gaano ka kaprotektado kung makikilahok ka?

Pinoprotektahan ng mga batas pederal ang kaligtasan ng mga kalahok sa klinikal na pagsubok. Ang mga klinikal na pagsubok ay dapat na:

- Sumusunod sa mga batas at tagubilin na tumitiyak na etikal ang mga pagsubok
- May kasamang proseso na tinatawag na may kabatirang pahintulot.upang ganap na ipaalam sa mga tao ang tungkol sa pagsubok bago sila sumang-ayon na sumali rito
- Maaprubahan ng isang ekspertong grupo na tinatawag na institusyonal na lupon sa pagsusuri (institutional review board ,IRB) na tumutulong na matiyak na patas at ligtas ang pagsubok hangga't maaari

Kapag pumirma ka sa isang form ng **may kabatirang pahintulot** para makilahok sa isang pagsubok, **hindi** ka pumipirma para isuko ang iyong karapatan. Opsyonal ang maging bahagi ng klinikal na pagsubok. Maaari kang huminto anumang oras at sa anumang dahilan. Tutulungan ka ng tauhan sa pagsubok na gawin ito nang ligtas.

## Ano ang ilan sa mga panganib at pakinabang?

### Mga posibleng panganib

- Maaaring hindi makatulong sa iyo ang makukuhang paggamot mula sa pagsubok.
- Maaari kang makaranas ng mga side effect mula sa pagsubok sa paraan ng paggamot.
- Maaari kang sumailalim sa madalas na pagsusuri o pagkuha ng dugo.
- Maaaring kailanganin mong maglaan ng oras para makilahok.

### Mga posibleng pakinabang

- Matutulungan mo ang mga mananaliksik na matuto nang higit pa tungkol sa kung paano nakakaapekto ang isang paggamot sa iyong komunidad.
- Maaaring magamit mo agad ang makabagong mga paggamot para sa iyong kondisyon.
- Maaari kang mabigyan ng paggamot kahit wala nang makukuhang aprubadong paggamot.
- Maaaring subaybayan ng mga doktor at nurse sa pagsubok ang kalusugan mo.

Iba't-iba ang bawat klinikal na pagsubok at may iba't-iba ring panganib at pakinabang. Tanungin ang iyong doktor kung paano makakaapekto sa iyo ang pagsubok. Maaari ka ring makipag-usap kasama ang iyong mga miyembro ng pamilya, pinagkakatiwalaan kaibigan, o kapananampalataya.

## Sa anong mga paraan ka maaaring makilahok?

Ang pagsali sa isang klinikal na pagsubok ay isang paraan para makapagbigay ka ng positibong epekto sa iyong komunidad at makatulong sa susunod na mga henerasyon. Narito ang iba pang mga paraan para makilahok:

- Magboluntaryo para sa isang obserbasyonal na pag-aaral na nangongolekta lamang ng data ng kalusugan.
- Sumali sa isang pagsubok bilang isang "malusog na boluntaryo" upang makolekta ng mananaliksik ang impormasyon kung paano gumagana sa katawan ang isang bagong paggamot bago ito ibigay sa mga pasyente.
- Makipagpulong sa institusyonal na lupon sa pagsusuri o lupon ng pagpapayo sa pasyente.
- Makipag-usap sa iyong pamilya at mga kaibigan para makapagbigay ng impormasyon tungkol sa klinikal na pananaliksik sa iyong komunidad.

# Paano ka makakahanap ng higit pang impormasyon?

Maaaring ipaliwanag sa iyo ng mga grupong nagbibigay ng suporta sa pasyente ang tungkol sa mga klinikal na pagsubok para sa iyong kondisyon. Kung gusto mong matuto nang higit pa tungkol sa kasalukuyang mga klinikal na pagsubok, tumawag sa **1-877-MED-HERO**.




Para sa higit pang impormasyon sa mga paksa sa brochure na ito, at para sa mga pagsasalin ng brochure na ito, pumunta sa: findingtreatmentstogether.org

Sama-samang binuo ng iba't-ibang grupo ng mga tao at eksperto na may karanasan sa iba't-ibang mga komunidad ang brochure na ito.

Sinuri din ito at sinubukan sa mga pasyente, publiko, at mga propesyonal sa kalusugan. Tumulong silang lahat upang matiyak na ito ay malinaw, walang kinikilingan, at angkop sa kultura.

Ang CISCRP ay isang independiyenteng organisasyon na walang patubuan na nakatuon sa pakikipag-ugnayan sa publiko at mga pasyente bilang mga kasosyo sa proseso ng klinikal na pananaliksik.

Hindi nangangalap ang CISCRP ng mga pasyente para sa mga klinikal na pagsubok at hindi nagsasagawa ng klinikal na pananaliksik. Kilala rin ang CISCRP bilang Sentro para sa Impormasyon at Pag-aaral sa Pakikilahok sa Klinikal na Pananaliksik.

Bisitahin ang www.CISCRP.org o tumawag nang libre sa 1-877-633-4376

© 2023 Sentro para sa Impormasyon at Pag-aaral sa Pakikilahok sa Klinikal na Pananaliksik Version 1.0 2023_01_11